

PANGKALUSUGANG KAUTUSAN SA PAGKONTROL NG COVID-19

PAGLABAS NG KAUTUSAN: Marso 21, 2022

Simula sa 12:01 a.m. ng Martes Marso 22, 2022

Mangyaring basahin ng mabuti ang Kautusan na ito. Ang paglabag sa o kabiguang sumunod sa Kautusan ay isang krimen na may kaparusahan na multa, pagkakakulong, o pareho. (Ca. Health & Safety Code § 120275 et seq; Long Beach Municipal Code § 8.120.030.A at 8.120.00.E.3)

Buod: Ang Kautusang ito ng Opisyal ng Kalusugan ng Long Beach (Utos) ang pumapalit sa mga Naunang Mas-Ligtas-sa-Bahay na Kautusan at Mga Kautusan sa Kalusugan sa Pagkontrol ng COVID-19: Higit pa sa Blueprint ng Estado para sa Mas Ligtas na Ekonomiya (Mga Naunang Kautusan) na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan ng Long Beach sa pagkontrol ng pagkalat ng Novel Coronavirus (COVID-19) sa loob ng Lungsod ng Long Beach (Lungsod). Ang Utos na ito ay inilabas upang hilingin ang pagsusuot ng maskara sa mga pampublikong lugar at mga negosyo anuman ang katayuan ng kanilang pagbabakuna.

Dahil ang Kautusang ito ay maaaring magbago dahil sa bagong impormasyon at gabay, lahat ng taong napapailalim sa Kautusang ito, kabilang ang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang pasilidad na napapailalim sa Kautusang ito, ay kinakailangang regular na sumangguni sa Long Beach Department of Health and Human Services na website upang tukuyin ang anumang mga pagbabago sa Kautusang ito at kinakailangan na mga update hanggang sa wakasan ang Kautusang ito. Ang isang digital na kopya ng Kautusang ito ay maaaring matagpuan sa www.longbeach.gov/covid19 o sa pamamagitan ng pag-scan ng QR Code sa ibaba.



Ang mga pangunahing pagbabago sa Kautusang ito ay kinabibilangan ng:

- Hindi na kailangan ng mga bar, brewery, craft distillery, at winery, ngunit mahigpit na inirerekomenda na panatilihin ang proseso para sa pagbeberipika na ang mga parokyano ay ganap na nabakunahan.
- Hindi na kailangan ng mga nightclub at lounge, ngunit mahigpit na inirerekomenda na panatilihin ang isang proseso para sa pagbeberipika na ang mga parokyano ay ganap na nabakunahan.
- Ang mga paaralang K-12 ay hindi na kinakailangan na sumunod sa "Mga

Kinakailangang Kahingian para sa Mga Paaralan na Gumagamit ng Opsyon sa Modified Quarantine (Mandatory Requirements for Schools Using the Modified Quarantine Option)", Appendix AA."

- Kinakailangang sundin ng mga panlibangan na sports ng kabataan ang "K-12 na mga Paaralan sa California para sa 2021-2022 na Pasukan (K-12 Schools in California for the 2021-2022 School Year)". Hindi kinakailangan sundin ng mga organisasyong panlibangan na sports, ngunit mahigpit na inirerekomenda, na sundin ang Gabay para sa Sports ng Kabataan (Youth Sports Guidance).
- Alinsunod sa na-update na gabay mula sa CDPH, simula sa Abril 1, hindi na kakailanganin ang pagbeberipika ng bakuna o patunay ng mga negatibong pagsusuri, ngunit mahigpit na irerekomenda para sa mga Malalaking Kaganapan sa Loob (Indoor Mega Events).

Kasalukuyang mababa ang mga antas ng kaso ng COVID-19 at pagkalat sa komunidad ayon sa Antas ng Komunidad ng CDC (CDC Community Levels). Simula noong Marso 18, 2022, ang 7-araw na pang-araw-araw na average na rate ng kaso ay 2.5 kaso bawat 100,000 tao. Mas mababa ito kaysa sa 474 na kaso sa bawat 100,000 tao na iniulat noong Enero 10, 2022. Ang panganib ng impeksyon sa COVID-19 para sa mga hindi o hindi mabakunahan laban sa COVID-19 ay patuloy na nananatiling mataas. Ang mga paglaganap ay patuloy na may negatibong kahihinatnan para sa mga negosyo at institusyon. Ang mga indibidwal, lalo na ang mga mas matanda o may pinagbabatayan na mga kondisyon sa kalusugan ay maaaring magdusa ng malubhang resulta sa kalusugan mula sa impeksyon sa COVID 19, kabilang ang kamatayan.

Nanatiling mahalaga para sa mga tao na manatiling mapagmatyag laban sa mga pagkakaiba-iba ng virus na sanhi ng COVID-19, lalo na't mataas ang antas ng pagkalat sa lokal at sa ibang bahagi ng mundo, at dahil dito ang mga kasalukuyang bakuna sa COVID-19 ay maaaring hindi epektibo laban sa mga bago at umuusbong na mga variant. Ang Omicron variant ay ang pangunahing variant sa lungsod at kumalat sa antas na hindi nakikita sa ibang mga variant. Ang kasalukuyang datos ay nagpapahiwatig na ang immune response sa COVID-19 na bakuna ay maaaring bumaba sa ilang mga taong may na kompromiso ang kanilang immune system, na nagdadag ng kanilang peligro ng malubhang kalagayan sa kalusugan mula sa impeksyon ng COVID-19. Para sa nabanggit na mga kadahilanan, dapat lamang kailangan ang patuloy na pagsusuot na maskara sa ilang mga lugar bilang isang mabisang hakbang sa kalusugan ng publiko upang mabawasan ang pagkakawaan ng mga tao.

Ang Kautusang ito ay inisyu upang tumulong sa pagbagal at pagpabuti sa antas ng pagkalat ng COVID-19 sa komunidad sa Long Beach. Pangunahing hangarin ng Kautusan na ito na bawasan ang panganib sa pagkalat ng COVID-19 sa Long Beach para sa lahat, lalo na sa mga hindi ganap na nabakunahan at ganap na nabakunahan ngunit nakompromiso ang kanilang immune system, kapag wala ang mga ibang hakbang sa proteksyon, tulad ng mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya at mga limitasyon sa kapasidad. Alinsunod dito, pinapayagan ng Kautusang ito ang mga negosyo, paaralan, at iba pang aktibidad na manatiling bukas habang kasabay nito ang paglalagay ng ilang partikular na kinakailangan na idinisenyo upang limitahan ang panganib sa pagkalat ng COVID-19 at pigilan ang anumang paglaganap ng COVID-19.

Patuloy na susubaybayan ng Opisyal ng Kalusugan ang antas ng pagkalat ng COVID-19 na sakit, kalubhaan ng mga nagresultang sakit at sanhi ng pagkamatay, rekomendasyon ng California Department of Public Health (CDPH) at ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC), at ang epekto ng Kautusan na ito. Kung kinakailangan, ang Kautusang ito ay maaaring patagalin, palawakin, o kung hindi man baguhin upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko.

**SA ILALIM NG AWTORIDAD NG CALIFORNIA HEALTH AND SAFETY CODE
SEKSYON 101040, 101475, 101085, AT 120175, INUUTOS NG OPISYAL NG
KALUSUGAN NG LUNGSOD NG LONG BEACH ANG MGA SUMUSUNOD:**

1. Magpatuloy sa mga Hakbang sa Pagkontrol ng Impeksyon sa COVID-19. Ang lahat ng mga taong naninirahan sa loob ng Lungsod ng Long Beach (Lungsod) ay dapat patuloy na gawin ang mga kinakailangan at inirekumendang hakbang sa pagkontrol sa impeksyon ng COVID-19 sa lahat ng oras at kung kasama ang ibang mga tao kapag nasa komunidad, trabaho, panlipunan, o mga lugar sa paaralan, lalo na kapag maraming hindi nabakunahang mga tao mula sa iba't ibang mga sambahayan ang maaaring naroroon at malapit na nakikipag-ugnay sa bawat isa. Ang lahat ng mga taong naninirahan sa loob ng Lungsod ay dapat patuloy na sumunod sa [Kautusan ng Lungsod sa Pagbubukod \(City Isolation Order\)](#) o [Kautusan ng Lungsod sa Pag-quarantine \(City Quarantine Order\)](#), kung saan nalalapat.
2. Mga Maskara sa Mukha. Ang lahat ng mga indibidwal ay dapat sumunod sa mga kahingian na kasama sa Pebrero 28, 2022 na Gabay para sa Paggamit ng Mga Panakip sa Mukha ("Guidance for the Use of Face Coverings") na inisyu ng California Department of Public Health, na maaaring matagpuan sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/guidance-for-face-coverings.aspx>, na paminsan-minsang binabago. Ang kabiguang sumunod sa anumang iniaatas na itinakda sa Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado na may pamagat na "Gabay sa Paggamit ng mga Panakip sa Mukha", na maaaring baguhin, ay itinuturing na isang paglabag sa Kautusang ito.
3. Kinakailangang Pag-uulat ng mga Negosyo at Mga Entidad ng Gobyerno. Ang mga tao, kabilang ang mga negosyo at entidad ng gobyerno, sa loob ng Lungsod ng Long Beach ay dapat patuloy na sumusunod sa mga protokol sa pagkontrol ng COVID-19 na impeksyon at gabay na ibinigay ng Long Beach Department of Health and Human Services tungkol sa paghihiwalay ng mga taong nakumpirma o hinihinalang nahawahan ng virus na sanhi ng sakit na COVID-19 o pag-quarantine sa mga na-expose at nanganganib na magkaroon ng impeksyon mula sa COVID-19. Sa mga pagkakataong hindi nagbigay ang Lungsod ng isang tukoy na gabay o protokol, ang espesipikong gabay o mga protokol na itinatag ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ang dapat magkokontrol.
 - a. Sa kaganapan na ang isang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang negosyo ay may alam sa tatlo (3) o higit pang mga kaso ang nakilala sa loob ng lugar ng trabaho sa loob ng 14 na araw ay dapat mag-ulat nitosa cluster sa Long Beach Department of Health and Human Services sa 562-570-INFO.
 - b. Kung sakaling ang isang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang negosyo ay maabisuhan na ang isa o higit pang mga empleyado, na-assign o nakakontrata na mga manggagawa, o mga boluntaryo ng mga negosyo ay positibong nasuri, o may mga sintomas na naaayon sa COVID-19 (kaso), ang employer mo ay dapat magkaroon ng isang protokol upang mangailangan na ang (mga) kaso na ihiwalay ang kanilang mga sarili sa bahay at kailanganin ang agarang pag-quarantine ng lahat ng mga empleyado na may pagkakalantad sa lugar ng pinagtatrabahuhan sa (mga) kaso.
4. Mga Pagsasaalang-alang para sa Mga Tao na Nanganganib ng Malubhang Karamdaman o Kamatayan mula sa COVID-19. Sa ngayon, ang mga taong nasa peligro para sa matinding karamdaman o pagkamatay mula sa COVID-19 - tulad ng, hindi nabakunahang nakatatandang adulto at mga hindi nabakunahang indibidwal na may mga panganib sa

kalusugan - at mga miyembro ng kanilang sambahayan, ay dapat na ipagpaliban ang pakikilahok sa mga aktibidad sa ibang mga tao sa labas ng kanilang sambahayan kung saan maaaring hindi nagagawa o mahirap gawin ang mga hakbang sa proteksyon (hal. ang pagsusuot ng maskara sa mukha at pisikal na pagdistansya, lalo na sa loob o sa matataong espasyo. Para sa mga hindi pa ganap na nabakunahan, ang pananatili sa bahay o pagpili ng mga panlabas na aktibidad hangga't maaari na may pisikal na pagdistansya mula sa ibang mga sambahayan na ang katayuan sa pagbabakuna ay hindi alam ang pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19.

5. Abiso sa Paglalakbay. Inirerekomenda ng Opisyal ng Kalusugan na sundin ng mga indibidwal ang gabay sa paglalakbay ng CDPH at CDC, na maaaring matagpuan sa <https://www.cdph.ca.gov/programs/CID/DCDC/pages/COVID-19/Travel-Advisory.aspx> at <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/travelers/index.html>.
6. Hikayatin ang Mga Gawain na Maaaring Maganap sa Labas. Ang lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno ay hinihimok na isaalang-alang ang paglipat ng mga operasyon o aktibidad sa labas, kung saan posible, at hangga't pinapayagan ng lokal na batas at pinapayagan ayon sa mga kahingian dahil sa pangkalahatan ay mas mababa ang peligro ng pagkalat ng COVID-19 sa labas kaysa sa loob.
7. Mga Alituntunin sa Bentilasyon. Ang lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno na may mga operasyon sa loob ay hinihimok na repasuhin at at ipatupad ang Mga Alituntunin ng Bentilasyon hangga't maaari. Tingnan ang California Department of Public Health Interim Guidance for Ventilation, Filtration and Air Quality in Indoor Environments, na maaaring mahanap sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Interim-Guidance-for-Ventilation-Filtration-and-Air-Quality-in-Indoor-Environments.aspx>.
8. Karagdagang Mga Kinakailangan para sa mga Lugar na Mataas ang Panganib sa Pangangalaga sa Kalusugan at mga Congregate (High-Risk Health Care and Congregate Settings). Ang Kautusan na ito ay isinasama sa pamamagitan ng sanggunian na parang ganap na nakalagay dito sa Kautusan ng Opisyal ng Pamublikong Kalusugan ng Estado noong Hulyo 26, 2021 na pinamagatang "Mga Proteksyon ng Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Mga Lugar na Mataas ang Panganib", na maaaring baguhin paminsa-minsan, na nangangailangan ng mga karagdagang hakbang na nakadirekta sa mga pasilidad sa buong estado upang maprotektahan ang partikular na mga mahihinang populasyon sa mga ospital, mga lugar na may matinding pangangalaga sa kalusugan at mga lugar para sa pangmatagalang pangangalaga, mga congregate na lugar na may mataas na panganib at iba pang mga lugar sa pangangalaga ng kalusugan. Ang Kautusan ay maaaring makita sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Order-of-the-State-Public-Health-Officer-Unvaccinated-Workers-In-High-Risk-Settings.aspx>. Ang kabiguang sumunod sa anumang hinihiling na nakasaad sa Kautusan ng Opisyal ng Pamublikong Kalusugan ng Estado na pinamagatang "Mga Proteksyon ng Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Mga Lugar na Mataas ang Panganib" na maaaring baguhin, ay itinuturing na isang paglabag ng Kautusan na ito.
9. Karagdagang Mga Kinakailangan para sa Mga Bumibisita sa mga Lugar ng Pangangalaga sa Kalusugan na May Malulubhang Karamdaman at Mga Lugar ng Pangmatagalang Pangangalaga (Acute Health Care and Long-Term Care Settings). Ang Kautusang ito ay isinasama sa pamamagitan ng sanggunian na parang ganap na nakalagay dito sa Kautusan ng Opisyal ng Pamublikong Kalusugan ng Estado na binago noong Pebrero 7, 2022 na pinamagatang "Mga Kinakailangan para sa Mga Bumibisita sa Mga Acute Health Care at Long Term Care na mga Lugar", na nangangailangan ng mga karagdagang hakbang na

nakadirekta sa mga pasilidad sa buong estado upang maprotektahan ang partikular na mga mahihinang populasyon mula sa mga bumibisita sa mga pagbisita sa loob ng mga ospital, skilled nursing na mga pasilidad, at intermediate care na mga pasilidad. Ang Kautusan na ito ay maaaring makita sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Order-of-the-State-Public-Health-Officer-Requirements-for-Visitors-in-Acute-Health-Care-and-Long-Term-Care-Settings.aspx>. Ang kabiguang sumunod sa anumang hinihiling na nakasaad sa Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado na pinamagatang "Mga Kinakailangan para sa Mga Bumibisita sa mga Acute Health Care at Long Term Care na Mga Lugar", na maaaring baguhin, ay itinuturing na isang paglabag sa Kautusan na ito.

10. Kinakailangan na Bakuna ng Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan. Ang Kautusang ito ay isinama sa pamamagitan ng sanggunian na parang ganap na nakalagay dito sa Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado noong Enero 25, 2022 na pinamagatang "Kinakailangan na Bakuna ng Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan (Health Care Worker Vaccine Requirement)", na maaaring baguhin paminsan-minsan, na nangangailangan ng mga karagdagang hakbang sa buong estado na upang maprotektahan ang partikular na mga mahihinang populasyon. Ang Kautusan na ito ay maaaring matagpuan sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Order-of-the-State-Public-Health-Officer-Health-Care-Worker-Vaccine-Requirement.aspx>. Karagdagang mailalapat sa Kautusan na ito ang anumang mga kinakailangan sa Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado na pinamagatang "Kinakailangan na Bakuna ng Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan" sa mga manggagawa na may kinalaman sa ngipin at mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan sa bahay. Ang kabiguang sumunod sa anumang hinihiling na nakasaad sa Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado na pinamagatang "Kinakailangan na Bakuna ng Manggagawa sa Pangangalaga ng Kalusugan" na maaaring baguhin, ay itinuturing na isang paglabag sa Kautusan na ito.
11. Beripikasyon ng Bakuna na Kailangan para sa mga Manggagawa sa mga Paaralan. Ang Kautusang ito ay isinama sa pamamagitan ng sanggunian na parang ganap na nakalagay dito sa Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado noong Agosto 11, 2021 na pinamagatang "Beripikasyon ng Bakuna na Kailangan para sa mga Manggagawa sa mga Paaralan (Vaccine Verification for Workers in Schools)", na maaaring baguhin paminsan-minsan, kung saan kinakailangan ang karagdagang mga hakbang para sa buong estado upang maprotektahan ang particular na mga mahihinang populasyon, tulad ng mga estudyante na hindi bakunado at mga batang estudyante na hindi pa karapat-dapat sa mga bakuna. Ang Kautusan na ito ay maaaring matagpuan sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Order-of-the-State-Public-Health-Officer-Requirements-for-Visitors-in-Acute-Health-Care-and-Long-Term-Care-Settings.aspx>. Ang kabiguang sumunod sa anumang hinihiling na nakasaad sa Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado na pinamagatang "Beripikasyon ng Bakuna na Kailangan para sa mga Manggagawa sa mga Paaralan", na maaaring baguhin, ay itinuturing na isang paglabag sa Kautusan na ito.
12. Mga Sektor na Patuloy na Nangangailangan ng Karagdagang Mga Hakbang upang Mabawasan ang Panganib. Ang mga sumusunod na sektor ay naglilingkod sa mga tao at populasyon na may mas mababang antas ng pagbabakuna o mga taong hindi pa karapat-dapat na mabakunahan. Dahil dito, patuloy na nangangailangan ang mga sektor na ito ng karagdagang mga hakbang sa pagbawas ng panganib at dapat mag-operate na napapailalim sa mga sumusunod na kundisyon:
 - a. Mga K-12 na Paaralan. Ang lahat ng pampubliko at pribadong K-12 na paaralan sa Lungsod ay dapat magturo tagubilin alinsunod sa gabay na ibinigay ng Opisyal ng

Kalusugan ng Estado para sa “K-12 na mga Paaralan sa California para sa Pasukan ng Taong 2021-2022 (K-12 Schools in California for the 2021-2022 School Year), na maaaring baguhin na maaaring makita sa Gabay ng K-12 2021-22 na Pasukan (ca.gov). Ang kabiguang sumunod sa anumang iniaatas na itinakda sa gabay na inisyu ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado para sa “K-12 na mga Paaralan sa California para sa Pasukan ng Taong 2021-2022”, na maaaring baguhin, ay itinuturing na isang paglabag sa Kautusang ito.

- b. Day Care: Dapat sumunod ang Day Care sa gabay na ibinigay ng Opisyal ng Kalusugan ng Estado na pinamagatang "COVID-19 NA-UPDATE NA GABAY: Mga Programa at Tagapagbigay ng Pangangalaga ng Bata (COVID-19 UPDATED GUIDANCE: Child Care Programs and Providers)", na maaaring baguhin paminsan-minsan, na maaaring matagpuan sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Child-Care-Guidance.aspx>. Ang kabiguang sumunod sa anumang iniaatas na itinakda sa gabay ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado na may pamagat na “COVID-19 UPDATED GUIDANCE: Child Care Programs and Providers”, na maaaring baguhin, ay itinuturing na isang paglabag sa Kautusang ito.
- c. Sports para sa Kabataan. Ang mga panlibangan na sports para sa mga kabataan ay mag-operate alinsunod sa gabay na ibinigay ng Opisyal ng Kalusugan ng Estado para sa “K-12 na mga Paaralan sa California para sa Pasukan ng Taong 2021-2022 (K-12 Schools in California for the 2021-2022 School Year), na maaaring makita sa Gabay ng K-12 2021-22 na Pasukan (ca.gov). Ang kabiguang sumunod sa anumang iniaatas na itinakda sa gabay na inisyu ng Opisyal ng Kalusugan ng Estado para sa “K-12 na mga Paaralan sa California para sa Pasukan ng Taong 2021-2022”, na maaaring baguhin, ay itinuturing na isang paglabag sa Kautusang ito. Mahigpit na inirerekomenda ng Opisyal ng Kalusugan ng sports para sa kabataan ang Gabay sa Panlibangan na Sports (Recreational Sports Guidance), na maaaring matagpuan sa [Mga Paaralan \(longbeach.gov\)](http://longbeach.gov).
- d. Mga Bar, Brewery, Craft Distillery, at Winery. Mahigpit na inirerekomenda ng Opisyal ng Kalusugan na ang mga bar, brewery, craft distillery, at winery ay magpanatili ng proseso sa pagbeberipika para ng mga parokyanong 21 taong gulang o mas matanda (at mga menor de edad 12 taong gulang o mas matanda, kung saan pinahihintulutan sa establisyemento) ay ganap na nabakunahan laban sa COVID-19.
- e. Mga Nightclub at Lounge
 - i. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang ibig sabihin ng "nightclub" ay isang komersyal na establisyemento na nagbibigay ng mga inumin para sa pagkonsumo sa lugar at kung saan ang pagsasayaw ay pinahihintulutan o nagbibigay ng entertainment, at/o may pangunahing pinagmumulan ng kita bilang pagbebenta ng alak para sa pagkonsumo sa lugar, cover charges, o pareho. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang "lounge" ay tinukoy bilang isang negosyo na pangunahing tumatakbo para sa paghahanda, pagbebenta, at serbisyo ng mga beer, alak, spirit, hookah, o tabako. Ang mga menor de edad ay hindi pinahihintulutan sa isang lounge.
 - ii. Mahigpit na inirerekomenda ng Opisyal ng Kalusugan na ang mga nightclub at lounge ay magpanatili ng proseso sa pagbeberipika na ang mga parokyanong

18 taong gulang o mas matanda ay ganap na nabakunahan laban sa COVID-19.

- f. Mga restawran. Dahil sa mas mataas na panganib ng pagkalat sa mga lugar kung saan ang mga tao ay nasa loob at hindi nakamaskara, ang Opisyal ng Pangkalusugan ng Lungsod ay mahigpit na nagrekomenda na ang mga operator ng mga restawran, na kinabibilangan ng, mga brewpub, breweries, bar, pub, craft distilleries, at wineries na nagtataglay ng permit na inisyu ng Lungsod para sa restawran na magbigay ng sit-down, dine-in bona fide meal, magreserba at mag-prioritize ng indoor seating at serbisyo para sa mga parokyano na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19.
- g. Ang "Mga Malalaking Kaganapan" (Mega Events). Dapat sundin ng lahat ng indibidwal, operator, negosyo at establisyemento ang mga kinakailangan kasama ang Marso 18, 2022 "Higit pa sa Plano para sa mga Sektor ng Industriya at Negosyo (Beyond the Blueprint for Industry and Business Sectors (Kabilang ang Mega Events))" na inisyu ng California Department of Public Health, dahil ito ay maaaring baguhin paminsan- minsan. na maaaring matagpuan sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/Beyond-Blueprint-Framework.aspx>. Ang kabiguang sumunod sa anumang iniaatas na itinakda sa Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado na may pamagat na "Higit pa sa Plano para sa Mga Sektor ng Industriya at Negosyo (Kabilang ang mga Mega Event)", na maaaring baguhin, ay itinuturing na isang paglabag sa Kautusang ito.

13. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang mga tao ay itinuturing na "ganap na nabakunahan" laban sa COVID-19 dalawang linggo o higit pa matapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa 2-dosis na serye ng bakuha (hal. Pfizer-BioNtech o Moderna) o 2 linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang single na dosis ng bakuna (hal. Johnson at Johnson [J&J]/Janssen).

MGA LAYUNIN AT RESULTA

14. Layunin. Ang Kautusan na ito ng Opisyal ng Kalusugan ng Long Beach (Kautusan) ay pumapalit sa mga Naunang Mas-Ligtas-sa-Bahay na mga Kautusan (Naunang mga Kautusan) na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan ng Long Beach. Ang Kautusan na ay umaayon sa iba't-ibang mga kautusan sa kalusugan na ipinatupad ng Pampublikong Opisyal ng Kalusugan ng Estado at ng natukoy na Kautusan na ito tungkol sa COVID-19.
15. Hangarin. Hangarin ng Kautusan na patuloy na protektahan ang komunidad mula sa COVID-19 partikular ang mga indibidwal na hindi, o hindi maaaring, ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 sa Lungsod kung saan tinanggal na ang ilang mga hakbang sa proteksyon at upang madagdagan ang mga antas ng pagbabakuna at dami ng booster upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 ng matagal, upang ang buong komunidad ay mas ligtas at upang ang COVID-19 na pandemya ay matapos.
16. Mga Hindi Gaanong Pinaghihigpitan na mga Hakbang. Ang mga utos na nakapaloob sa Kautusan na ito ay kinakailangan at hindi gaanong pinaghihigpitan ang mga hakbang sa pag-iingat upang makontrol at mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa Lungsod, tulungan mapanatili ang kritikal at limitadong kapasidad ng pangangalaga sa kalusugan sa Lungsod, at maligtas ang buhay ng mga residente ng Lungsod ng Long Beach.
17. Hinihingi ng Batas ng Estado ang Opisyal ng Kalusugan na Magsagawa ng Mga Kinakailangan na Hakbang Upang Maiwasan ang Pagkalat ng Nakakahawang Sakit. Hinihingi

ng California Health and Safety code seksyon 120175 sa Opisyal ng Pangkalusugan na may alam o dahilan upang maniwala na ang anumang kaso ng isang nakakahawang sakit na mayroon o kamakailan lamang na umiiral sa loob ng Lungsod na gumawa ng mga hakbang na maaaring kinakailangan upang maiwasan ang pagkalat ng sakit o paglitaw ng karagdagang mga kaso. Bukod dito, ang mga seksyon 101040 at 101475 ng California Health and Safety Code ay nagbibigay sa Opisyal ng Kalusugan ng awtoridad na gumawa ng anumang hakbang sa pag-iingat na maaaring kinakailangan upang mapangalagaan at mapanatili ang kalusugan ng publiko mula sa anumang panganib sa kalusugan ng publiko sa panahon ng emerhensiya sa Estado o lokal na kanilang nasasakupan.

18. Patuloy na Malubhang Panganib sa Kalusugan at Kaligtasan Dulot ng COVID-19. Ang Kautusan na ito ay batay sa siyentipikong katibayan at pinakamahasag na kasanayan, na kasalukuyang kilala at magagamit, upang protektahan ang mga miyembro ng publiko mula sa maiwasang peligro ng malubhang sakit at kamatayan na nagreresulta mula sa pagkalat ng COVID-19, pati na rin upang maprotektahan ang sistema ng pangangalaga sa kalusugan mula sa pagdami ng mga kaso sa mga emergency room at ospital nito. Ang Kautusan na ito ay inilabas batay sa mga sumusunod na pagpapasya: katibayan ng patuloy na makabuluhang pagkalat ng COVID-19 sa komunidad sa loob ng Lungsod; mga dokumento tungkol sa pagkakahawaan nang walang sintomas; siyentipikong katibayan at pinakamahasag na kasanayan patungkol sa pinaka-epektibong pamamaraan upang mapabagal ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit sa pangkalahatan at partikular na ang COVID-19; katibayan na ang mga tao sa Lungsod ay patuloy na nanganganib sa impeksyon na may malubhang komplikasyon sa kalusugan, kabilang ang pagpapa-ospital ay pagkamatay mula sa COVID-19; dahil sa edad, mga kasalukuyang karamdaman sa kalusugan, dahil hindi pa nabakunahan o hindi karapat-dapat mabakunahan, at higit pang mga nakakahawang uri (variant) ng virus na sanhi ng COVID-19 at kung saan nagpapakita na ito ay nagdudulot ng mas malubhang sakit sa Lungsod; at karagdagang katibayan na ang mga residente ng Lungsod, kabilang ang mga mas bata at ang mga malulusog na tao, ay nasa panganib din para sa malubhang negatibong kalagayan sa kalusugan at sa paglilipat ng virus sa iba; ang edad, kondisyon, at kalusugan ng isang makabuluhang bahagi ng populasyon ng Lungsod ay nalalagay sa peligro para sa mga seryosong komplikasyon sa kalusugan, kabilang ang mga pagpapa-ospital at pagkamatay, mula sa COVID-19; at karagdagang katibayan na ang iba, kabilang ang mas bata at malulusog na tao, ay nasa panganib din para sa mga malubhang resulta.
19. Mga Lokal na Kondisyon ng Kalusugan Kaugnay sa COVID-19. Ang kasalukuyang pagkalat ng COVID-19 sa Lungsod ay bumababa pero patuloy na nagpapakita ng isang malaking panganib ng pinsala sa kalusugan ng mga hindi nabakunahan o hindi puwedeng mabakunahan laban sa COVID-19. Sa ngayon, may bakuna na makukuha upang protektahan laban sa COVID-19. Gayunpaman, ang mga bagong uri (variant) ng virus na maaaring mas madaling kumalat o maging sanhi ng mas matinding karamdaman ay mananatili sa Lungsod at mananatiling peligro para sa mga hindi nabakunahan laban sa COVID-19. Dahil ang mga hindi nabakunahan na tao ay nananatiling mas malamang na mahawahan at maikalat ang COVID-19 sa pamamagitan ng hangin at mag-concentrate sa loob (indoor), kinakailangan ang iba pang mga hakbang hanggang mabakunahan ang karamihan ng populasyon upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Simula noong Marso 18, 2022, mayroong hindi bababa sa 125,353 na kaso ng COVID-19 at 1,256 ang namatay na iniulat sa Lungsod ng Long Beach. Dahil sa mas malala ang panganib ng pagkalat sa komunidad, ang ilang mga indibidwal na nagkaroon ng COVID-19 ay walang mga sintomas o may banayad na sintomas lamang, at walang kamalayan na naikakalat nila ang virus at nakakapanghawa sa iba. Dahil kahit ang mga taong walang sintomas ay maaaring maikalat ang virus, at dahil sa bagong ebidensya na nagpapakita na ang COVID-19 ay mas madaling kumalat, ang unibersal na pagsusuot ng maskara sa loob ay isang hakbang sa pagbawas ng panganib na napatunayan na nagpapabawas ng panganib na mailipat ang virus.

20. Patuloy na Pagsubaybay ng Datos ng Epidemya. Patuloy na susubaybayan ng Opisyal ng Kalusugan ang datos ng epidemya (epidemiological data) upang masuri ang epekto ng pagtanggap ng paghihigpit at ganap na muling pagbubukas ng mga sector. Kasama sa mga indikasyon niro, ngunit hindi limitado sa:
 - a. Ang bilang ng mga bagong kaso, pagpapa-ospital, at pagkamatay ng mga residente sa mga lugar sa pinakamababang Healthy Places Index (HPI) na quartile at ayon sa lahi/etniko.
 - b. Ang porsyento ng mga pagsusuri sa COVID-19 na positibong naiulat.
 - c. Ang antas ng mga COVID-19 na kaso.
 - d. Ang pagkakaroon ng COVID-19 na mga bakuna at ang posyento ng mga karapat-dapat bakunahan na mga residente ng Lungsod laban sa COVID-19.
 - e. Ang bilang ng mga taong ganap na nabakunahan na nagkakasakit, na-ospital, o namatay mula sa COVID-19.

21. Pag-iisa ng Estado at Lokal na Mga Proklamasyon sa Emerhensiya. Ang Kautusang ito ay inisyu alinsunod sa, at isinasama sa pamamagitan ng sanggunian, Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng isang Pang-estado na Emerhensiya na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom at ang Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng Lokal na Emerhensiya ng City Manager, at ang Deklarasyon ng Opisyal ng Kalusugan tungkol sa Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan, na pinagtibay ng Konseho ng Lungsod noong Marso 10, 2020, ayon sa pagkakasunod, ang Marso 6, 2020 na Pahayag ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan Tungkol sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) na inisyu ng Opisyal ng Kalusugan, at gabay na inilabas ng California Department of Health, dahil ang bawat isa sa kanila ay maaaring nadagdagan at maaaring madagdagan.

22. Obligasyon na Sundin ang Mas Mahigpit na Mga Kahingian ng mga Kautusan. Ang Kautusan na ito ay naaayon sa mga probisyon sa Executive Order N-60-20 at ng Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado noong Agosto 28, 2020 kung saan ang mga lokal na awtoridad sa kalusugan ang maaaring magpatupad o ipagpatuloy ang mas mahigpit na mga hakbang sa kalusugan ng publiko kung nakikita ng hurisdiksyon ng Lokal na Opisyal ng Kalusugan na kailangan ang ganung mga hakbang. Kung may salungatan sa pagitan ng Kautusan na ito at ng anumang kautusan sa kalusugan ng estado na nauugnay sa pandemya ng COVID-19, ang pinakahigpit na probisyon (halimbawa, ang nagbibigay ng mas protektadong kalusugan sa publiko) ang mananaig. Alinsunod sa California Health and Safety Code seksyon 131080 at Gabay ng Opisyal ng Kalusugan sa Pagsasanay para sa Pagkontrol ng Nakakahawang Sakit (Health Officer Guide for Communicable Disease Control in California) sa California, maliban kung saan maaaring maglabas ng Kautusan ang Opisyal ng Pampublikong Kalusugan ng Estado ng isang utos na malinaw na nakadirekta sa Kautusan na ito at batay sa isang pag-aaral na ang isang probisyon ng Kautusan na ito ay bumubuo ng banta sa kalusugan ng publiko, anumang mas mahigpit na hakbang sa Kautusan na ito ay patuloy na nalalapat at magkokontrol sa Lungsod. Gayundin, ang anumang pederal na alituntunin sa mga aktibidad na hindi pinapayagan ng Kautusan na ito, mangingibaw ang Kautusan na ito sa pagkontrol.

23. Kinakailangan sa Pag-operate Alinsunod sa Lokal na Mga Lisensya at Mga Permit. Ang lahat ng mga negosyong pinahihintulutan na mag-operate alinsunod sa Kautusan na ito ay dapat

mag-operate alinsunod sa lahat ng mga kasalukuyang lokal na lisensya o permit, kabilang ang mga lisensya sa negosyo, mga permit sa kalusugan, at iba pang katulad.

24. Awtoridad ng Manager ng Lungsod na Gawin sa Labas ang mga Aktibidad ng Negosyo. Ang City Manager o naaangkop na itinalaga ay dapat bumuo ng mga nakasulat na mga protokol upang mapadali ang iba't ibang mga aktibidad sa negosyo sa labas alinsunod sa mga alituntunin sa kalusugan ng Lungsod at Estado at Mga Kautusan sa Kalusugan at tumatalima sa lahat ng iba pang naaangkop na mga batas sa Estado at Pederal tulad ng mga Americans with Disabilities Act, na may diin sa pagbuo ng mga protokol na nagpoprotekta sa kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng komunidad. Ang anumang pag-iisyu ng isang permit upang mag-operate sa isang panlabas na espasyo ay pansamantala dahil sa pandemya ng COVID-19 at hindi lumilikha ng isang ibinigay na karapatan sa lugar sa anumang parke, pampublikong right of way, o anumang iba pang pag-aari na ginagamit upang mapadali ang mga panlabas na operasyon ng negosyo na nararapat dahil sa pandemya ng COVID-19.

25. Mga Kopya ng Kautusan. Ang Lungsod ay dapat magbigay agad ng mga kopya ng Kautusan na ito sa pamamagitan ng: (a) pagpaskil nito sa website sa (<http://www.longbeach.gov/health/>), (b) pagpaskil nito sa Civic Center na matatagpuan sa 411 W. Ocean Blvd., Long Beach, CA 90802, (c) pagbibigay nito sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya, (d) pag-iisyu ng isang pahayag para sa press upang maipahayag ang Kautusan sa buong Lungsod, at (e) sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa mga malalaking pasilidad na kilala ng Opisyal ng Kalusugan na malamang maaapektuhan ng Kautusan na ito (ngunit ang serbisyo sa pamamagitan ng koreo ay hindi kinakailangan para sa pagsunod). Ang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang pasilidad na malamang maaapektuhan ng Kautusan na ito ay mariing hinihikayat na magpaskil ng isang kopya sa lugar ng Kautusan na ito at magbigay ng isang kopya sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya.
 - a. Ang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang pasilidad na malamang maaapektuhan ng Kautusan na ito ay mariing hinihikayat na mag-post ng isang kopya ng onsite na Kautusan ito at magbigay ng isang kopya sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya.
 - b. Dahil maaaring magbago ang gabay, ang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang pasilidad na sumasailalim sa Kautusan na ito ay inaatasan na kumonsulta sa website ng Long Beach Department of Health and Human Services (<http://www.longbeach.gov/health/>) araw-araw upang matukoy ang anumang mga pagbabago sa Kautusan at kinakailangan na sumunod sa anumang mga pag-update hanggang matapos ang Kautusan.

26. Pagtatapos. Kung ang anumang seksyon, subseksyon, pangungusap, sugnay, parirala, o salita ng Kautusan na ito o anumang aplikasyon nito sa sinumang tao, istraktura, pagtitipon, o pangyayari ay hindi balido o hindi ayon sa konstitusyon sa pamamagitan ng isang desisyon ng isang korte na may hurisdiksyon, sa gayon ang naturang pagpapasya ay hindi makakaapekto sa bisa ng natitirang bahagi o aplikasyon ng Kautusan na ito.


27. Pagpapatupad.
 - a. Sa pakikipagkonsulta sa City Attorney ng Lungsod at alinsunod sa Kabanata 8.120 ng Long Beach Municipal Code, pinahihintulutan ang Lungsod na ihinto ang serbisyo ng

munisipalidad sa anumang negosyo na nag-ooperate na lumalabag sa Kautusan na ito, kung naaangkop.

- b. Ang mga entidad na sumasailalim sa Kautusan na ito ay maaaring manatiling bukas para sa negosyo at magsagawa ng mga mahahalagang tungkulin at operasyon sa buong tagal ng Kautusan na ito sa kondisyon na ang mga entidad ay dapat sumunod sa Kautusan na ito, kahit anumang utos na pinalabas ng estado para sa publiko na nauugnay sa COVID -19 na pandemya. Ang mga entidad na pinahihintulutang manatiling bukas para sa mga negosyo na hindi sumusunod sa Kautusan na ito ay maaaring sumailalim sa ipinag-uutos na pagsasara hanggang sa tagal ng Kautusan na ito, kasama ang anumang pagbabago o ekstensyon nito. Ang Seksyon na ito ay hindi mailalapat sa Long Beach Airport, o anumang negosyo na kinilala bilang kritikal na pederal na imprastraktura doon.
- c. Ang kabiguang sumunod sa alinman sa mga probisyon ng Kautusan na ito ay bumubuo ng malaking banta at panganib sa kalusugan ng publiko, bumubuo ng disturbo sa publiko, at mapaparusahan sa pamamagitan ng multa, pagkabilanggo, o pareho. Upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko, ang Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod ng Long Beach ay maaaring gumawa ng karagdagang (mga) aksyon para sa kabiguang pagsunod sa Kautusan na ito. Ang paglabag sa Kautusan na ito ay isang misdemeanor na may kaparusahan sa pamamagitan ng pagkabilanggo, multa o pareho sa ilalim ng California Health and Safety Code Seksyon 120275 et seq at mga Kabanata 1.32 at 8.120 ng Long Beach Municipal Code.
- d. Alinsunod sa Long Beach City Charter Seksyon 109, Seksyon 8634 at 41601 ng California Government Code; Mga seksyon 101040, 101475 at 120175 ng California Health and Safety Code; at mga Kabanata 8.08, 8.26 at 8.120 ng Long Beach Municipal Code, ang mga Kautusan na ito at Direktiba na tulad ng inisyu ng Opisyal ng Kalusugan ay maipapatupad ng Hepe ng Pulis ng Lungsod ng Long Beach upang matiyak na ang pagsunod at pagpapatupad ng Kautusang ito at ang mga Direktiba na itinakda dito.
- e. Bilang karagdagan, at dagdag sa mga kriminal na parusa na nakasaad dito, ang mga Kautusan na ito at Direktiba na inisyu ng Opisyal ng Kalusugan ay maaaring ipatupad ng City Manager ng Lungsod ng Long Beach. Para sa tagal ng idineklarang emerhensiya sa kalusugan, pinahihintulutan ang City Manager na magtalaga at magpahintulot ng mga nararapat na mga empleyado ng Lungsod na mag-isyu ng Mga Administratibong Sitasyon at magpatong ng mga sibil na multa at kaparusahan sa mga indibidwal, negosyo, at iba pa na lumalabag sa mga Kautusan at Direktiba na nakapaloob dito alinsunod sa mga probisyon ng Kabanata 9.65 ng Long Beach Municipal Code

28. Petsa ng Pagiging Epektibo. Ang Kautusang ito ay magiging epektibo sa 12:01 a.m. sa **Marso 22, 2022** at magpapatuloy hanggang sa ito ay pinalawak, pinawalang-bisa, pinalitan o binago sa pamamagitan ng sulat ng Opisyal ng Kalusugan.

IPINAG-UTOS NI:



Anissa Davis, MD, DrPH,
Opisyal ng Kalusugan, Lungsod ng Long Beach
Petsa: Marso 21, 2022

PAGPOPROKLAMA NG MGA REGULASYON SA EMERHENSIYA

Bilang Direktor ng Civil Defense para sa Lungsod ng Long Beach alinsunod sa Long Beach Municipal Code ("LBMC") na seksyon 2.69.060.A, at alinsunod sa mga probisyon ng LBMC Kabanata 8.120, awtorisado akong magproklama ng mga regulasyon para sa proteksyon ng buhay at ari-arian bilang apektado ng COVID-19 emergency alinsunod sa seksyon ng Government Code 8634, at mga seksyon ng LBMC 2.69.070.A at 8.120.020. Ang mga sumusunod ay magkakabisa para sa tagal ng Kautusan ng Kalusugan sa Long Beach (Long Beach Health Order), PANGKALUSUGAN NA KAUTUSAN PARA SA PAG-KONTROL NG COVID-19 (HEALTH ORDER FOR CONTROL OF COVID-19, na inisyu sa itaas, na isinama sa kabuuan nito sa pamamagitan ng pagsangguni:

Ang Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan ng Long Beach, PANGKALUSUGANG KAUTUSAN PARA SA PAGKONTROL NG COVID-19, ay ipoproklama bilang isang regulasyon para sa proteksyon ng buhay at ari-arian.

Ang sinumang tao na, pagkatapos ng paunawa o abiso, alam at sadyang lumalabag o tumatanggi o nagpapabaya na sumunod sa nabanggit na legal na inilabas ng Kautusan sa Kalusugan (Health Order) ay magkakasala ng misdemeanor na may parusahang multa na hindi lalampas sa isang libong dolyar (\$1,000), sa pamamagitan ng pagkabilanggo sa loob ng isang panahon na hindi hihigit sa anim (6) na buwan, o parehong naturang multa at pagkabilanggo. (Mga seksyon ng Long Beach Municipal Code 8.120.030.A at 8.120.030.E.3.)

IPINAG-UTOS NI:



Thomas B. Modica
City Manager, Lungsod ng Long Beach
Petsa: Marso 21, 2022